

Bakit Kailangang Manalangin?

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church

June 2017

Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!



"Like" Ladies Prayer International on Facebook

Meron na tayong Facebook followers sa USA, Hong Kong, Philippines, Sweden, Greece, Colombia, Canada, Mexico, China, Kenya, Croatia, The Netherlands, Ghana, Jamaica, Puerto Rico, South Africa, Fiji, Australia, Austria, Cyprus, Malaysia, Pakistan, Italy, India, France, Chile, England, Ethiopia, Lebanon, Trinidad, Tobago, Norway, Honduras, Sri Lanka, New Zealand, Solomon Islands, Haiti, Indonesia, Papua New Guinea, Uganda, Rwanda, Scotland, Denmark, South Korea, Nigeria, Bolivia, Turkey, Japan

Dear Prayer Team Leader, Mangyaring bisitahin lamang ang ating Ladies Prayer International sa Facebook at "i-like" ang aming page!! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

Gayundin, mangyaring mag-imbita ng iyong grupo upang mag-subscribe sa ito LIBRENG newsletter at: <http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl> or email request to: LadiesPrayerInternational@aol.com

Mangyaring ibahagi ang impormasyong ito sa iyong simbahan, mga kaibigan at pamilya

Bakit Manalangin?

ni Jane Buford



Maaari tayong manalangin anumang oras at sa anumang lugar! Naglilingkod tayo sa isang Diyos na nakikinig at tumutugon sa ating mga panalangin.

Bakit ba kailangang manalangin? Ang panalangin ay mabuti para sa atin. Ang panalangin ay ating komunikasyon sa ating Diyos. "Ako baga'y Dios lamang sa malapit, sabi ng Panginoon, at hindi Dios sa malayo? Maaari bang bagang sinuman sa mga lihim na dako na hindi ko makikita siya? Sabi ng Panginoon. Hindi baga pinupuno ko ang langit at ang lupa? Sabi ng Panginoon" (Jeremias 23: 23-24). Dininig ng Diyos ang lahat ng ating mga panalangin at kung minsan Ang kanyang sagot ay "Oo," "Hindi," "maghintay," o "Mayroon akong isang mas mahusay na plano!" Ang kaniyang daan ay palaging mas mahusay kaysa sa ating paraan.

Taon na ang nakakaraan, naghahanap kami noon ng isang lugar upang bumili ng bahay. May Nakita kami at ang Bahay na ito ay nagustuhan namin at kami ay excited. Ngunit bago namin ito bilingin, kami ay naglaan ng isang oras sa panalangin at pag-aayuno. Pagkatapos namin manalangin, ang aking asawa at ako parehong nakadama na ito ay hindi ang bahay para sa amin. Nakakalungkot? Oo naman, Subalit hindi nagtagal kami ay nakabili din ng isa bahay. Habang nakatira kami sa bahay na iyon, ang aming anak na si Brad ay naakay ang isang batang kapitbahay sa Panginoon, na isa pa ring matapat na naglilingkod sa Diyos hanggang ngayon. Malaki ang nagagawa ng panalangin!

Bakit mahalaga ang manalangin? Dahil kailangan natin ng Kanyang patnubay. Magandang simulan ang araw-araw sa panalangin. Hindi natin alam ang bukas, Oh Diyos, naway hindi ka namin mapangunahan sa mga plano mo sa amin. Lumapit ka sa Diyos at humingi ng gabay ng Kanyang Espiritu na maglalayo sayo sa tukso. Higit sa anumang bagay, kailangan natin ang manabik nang labis sa kanyang presensya. Ang buhay ay mahirap kung minsan. Tuwing tayo ay lalapit sa Kanyang trono, binibigyan niya tayo ng lakas, proteksyon, at karunungan para sa bawat bagong araw. Oh Diyos, gabayan mo po ang aming mga daan, gabayan mo po kami at nawa kami ay lumakad ng ayon sa iyong landas. Gabayan mo kami sa iyong katotohanan. (Tingnan ang Awit 25: 4-5.) Ang Diyos ay magbibigay sa iyo ng patnubay sa kung anumang mga desisyon o sitwasyon mayron ka.

Bakit kailangang magdasal? Bilang Kababaihan, kailangan natin manalangin para sa mga bata, anak man natin o mga batang malapit sa atin. Nabubuhay tayo sa mga panahong mapanganib. Hindi natin maaaring itago ang mga bata mula sa mundo, ngunit maaari tayong magdasal para sa kanila. Maaari tayong mamagitan sa kanilang kapakanan at hilingin sa Panginoon upang pagkalooban sila ng karunungan, lakas, at kapangyarihan. Maaari tayong manalangin na ang Diyos ay gumabay sa kanilang mga desisyon sa buhay. Ang Mundo na ito ay masama ngunit mas higit ang Diyos na nasa atin. (Tingnan ang Efeso 6:10-18) Maari mo itong sabihin sa mga kabataan. Baka maaaring ikaw ang tanging kalasag para sa ilan sa mga mahalagang mga bata sa ating simbahan. Bigyan mo sila ng isang card at ipaalam sa kanila na nanalangin ka para sa kanila, hindi nila malilimutan ito!

Ang panalangin ay isa sa mga pangunahing mga armas para sa lahat ng ginagawa natin! Gabay-OO! Desisyon-OO! Bata-OO! ANG ATING SARILI-OO! Isa ngang napakalaking pribilehiyo na maaari tayong tumawag sa Kanyang pangalan anumang oras at sa anumang lugar na gaya ngayon!

Tala: Si Jane Buford ay ang general secretary ng UPCI Ladies Ministries. Kasal siya kay P. Daniel Buford na isang associate editor para sa United Pentecostal Church International. May dalawa silang anak na lalaki na sina Brandon/Brianne Buford at Brad/Tempie Buford, at apat na apo.

Para sa Kapakanan ng ating mga Anak

By Donna Ten Eyck



Panalangin: isang tipanan ng langit sa lupa; isang lugar kung saan ang imposible ay nagiging posible.

"At kung walang pananampalataya ay imposibleng palugdan siya: sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya'y nagsisihanap" (Hebreo 11: 6).

Ang masigasig sa panalangin ay nagtatatag ng matibay na pananalig sa kung sino Siya, nagbibigay ng pag-asa sa atin sa mga bagay na hindi pa nakikita, at tinuturan tayong pumusisyon sa tamang pananampalataya.

" Sa kabila ng oposisyon,ang imposible ay nagiging posible at panalangin pa rin ang siyang nagtuturo sa atin kung paano manampalataya ng tama. "Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita" (Hebreo 11: 1).

Ang Pananampalataya ay nagbibigay-daan sa atin upang manatiling konektado sa plano ng Diyos para sa kinabukasan ng ating mga anak.Nais ng Diyos na turuan din natin ang ating mga anak na tuklasin ang kanilang sarili at kung saan sila hahantong.

Kamakailan lamang ako ay nakikipagbuno sa aking panalangin at para bang walang ako ay walang direksiyon. Ngunit bigla na lamang ay nangusap ang Diyos at sinabi"Donna, kailangan mong pumayapa at tanggapin ako ang Diyos." Agad-agad, binasa ko ang Awit 46:10. "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Diyos: Ako ay mabubunyi sa gitna ng mga bansa, ako'y mabubunyi sa lupa."

Habang nanalangin, natagpuan ko ang aking sarili na nakikipagbuno sa Diyos upang makuha ko ang bagay na nais ko sa aking sariling paraan lamang. Ako ay naging makasarili at hindi ako nagpa kontrol sa Diyos.Nagulat na lamang ako noong napagtanto ko na ako pala ay nagdarasal ng laban sa kalooban ng Diyos. Agad kong sinimulan ang pagsasantabi ng emosyonal na takot at pinahintulutan ang Diyos na manalangin sa pamamagitan ko. Ang aking panalangin ay mapagkumbaba. Buti na lamang, ang Panginoon ay pinaalalahanan ako na Siya ay nakapangyayari sa lahat ng bagay.

Bago manalangin, dapat tayong maging " still" (, bitawan) at "alam" (kilalanin Siya ang dakila). Ibigay natin ang lahat sa Diyos,bitawan ang dapat bitawan, isuko ang dapat isuko, wag na natin pagpalitan ang hindi nya kalooban.Batid natin na ang Diyos ay nasa kontrol ng mga plano para sa Kanyang sariling layunin.

Maaari tayong maging panatag, alam ng Diyos ang wakas mula sa simula. Tayo ay palaging magiging matagumpay sa pagdarasal para sa ating mga anak kung magtiwala tayo sa sinabi ni Jesus: "Kung kayo'y magsipantili sa akin, at ang aking mga salita ko'y magsipantili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at ito ay mangyayari sa inyo" (Juan 15: 7).
Bakit Dapat Manalangin? Para sa kapakanan ng ating mga anak!!

Tala: Si Donna Ten Eyck ay isang licensed sa United Pentecostal Church International. Naglilingkod siya sa Mississippi Ladies Committee bilang director ng Ladies Prayer International at Ladies Promotions. Si Donna ay isa ding administrative assistant sa Mississippi Prayer Force at tumutulong kila Pastor Dobbs at asawang si Pam sa Word Alive Revival Center sa Wiggins, Mississippi.

Panalangin- Bakit Manalangin?

Ni Teri Spears



" Teri, dahil yan ang gusto ko "ay salitang madalas kong marinig bilang isang bata. Kaya ngayon kapag ayaw sumunod ng bata,ang salitang ito ang ating ang tramp card para sa kanila -"! . Dahil ito ang gusto ko! "

Nananalangin tayo ng maraming beses dahil lang sa sinabi ito ng isang tao na walang tunay na pag-unawa kung ano ang ating pinapanalangin.

Ang panalangin ba talaga ay kinakailangan? Kailangan ba talaga ng makapangyarihan, dakila at alam ang lahat ng bagay na Diyos ang ating mga panalangin? Kung gayon, bakit?

Kailangan nating bumalik sa orihinal na plano ng Diyos para sa sangkatauhan. Ginawa ng Diyos si Adan na kumakatawan sa atin lahat. Kung ano ang inilaan ng Diyos para kay Adan, inilalaan Niya din para sa buong sangkatauhan. Ibinigay niya sa kanya at ang kanyang mga kaapupuhan ang kapangyarihan sa mga lupa at paglikha. (Basahin ang Genesis 1: 26-28 at Awit 8: 6.)

Sa Awit 8: 6, ang orihinal na salitang Hebreo para sa "panuntunan" ay "mariskal ng hukbo." Adam ay marshal ng Diyos / manager sa lupa - na kinatawan ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng kumakatawan ng isang tao? Tayo ay pinipresenta ang kalooban ng iba. Hindi maliit na gawain ang kumatawan sa kalooban ng Diyos. Iyon ay ang ating layunin, upang maging katulad Niya.

Sa pamamagitan ng paglaan ng oras sa kanyang presensya natutunan natin ang magsalita ng kagaya niya, ang kumatawan sa Kanya. Si Adan ay itinatanghal ang kalooban ng Diyos sa lupa. Mapabuti man o mapasama, ay depende kay Adan at sa kanyang buong lahi. Kung ang lupa ay nanatiling isang paraiso, ito ay dahil sa mga tao. Kung ang lupa ay mapapasama ito dahil din sa tao. Ang buong Sangkatauhan talaga ang naatasan na mangalaga.

Ibinigay ng Diyos kay Adan ang kapangyarihan sa lupa, ngunit ibinigay ito ni Adan kay Satanas. At dahil doon, Si Hesus ay nagkatawang tao upang ayusin ang gulo na ginawa nila.. Ito ay nagpapatunay kung gaano tayo kamahal ng Diyos, na tayo ay nais gamitin niyang magamit

Kailangan ba talaga tayo ng Diyos? Oo at hindi. Dahil Siya ay Diyos, Siya ay kumpleto na. Pero dahil hangad Niya na tayo ay magkaroon ng ugnayan sa kanya, pinili Niyang limitahan ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagamit sa atin.

Kaya bakit nga ba ako humihingi sa Diyos sa aking panalangin kahit na alam kong alam niya ang aking kailangan bago ko pa man ito sabihin? Panalanging tulad ng pagpapala sa iglesia o pagpalain ang aming pamilya? Ito ay dahil sa *partnership*. Gusto niya na ang isang relasyon batay sa pag-ibig.

Galing sa Diyos ang panalangin, hindi lang "dahil sinabi niya !." Ito ay laan para sa relasyon sa kanya, sa kanyang kaharian, at sa Kanyang kalooban dito sa lupa para nang sa Langit.

Iyon ang dahilan kung bakit tayo nananalangin!

Tala: Pagkatapos ng kanyang mga nagawa, at mahigit na 40 sa ministry kasama ang kanyang asawa, may tatlo silang anak, at limang apo. Siya din ay isang manunulat at lisensyadong *therapist, at gifted speaker*.

Ang Aking Hamon sa Panalangin

By Jenny Follmer



Bilang isang ina ng dalawang bata, maganda, independiyenteng mga bata, Madalas ko makita ang aking sarili na nagpapasalamat! Magiging tapat ako sa inyo, minsan ako ay mga pangamba May mga gabi, na bilang magulang, ako ay nag *self-evaluate*. Maayos ba ako nagsalita sa kanila? Nagpakita ba ako ng magandang pag-uugali? Nakinig ba ako sa kanila? Nasa kanila ba atensyon ko? Nagtaas ba ako ng boses? Naramdaman kaya nila ang pagmamahal ko?

Ang *Self-reflection* ay mabuti, ngunit ako ay madalas na masyadong sobra sa aking sarili. Buti na lamang ang biyaya ng Diyos ay sapat. Noong nakaraan sa aming bahay sambahan, Ako ay abala sa paghabol sa aking dalawang-taon gulang na anak na lalaki habang altar call, at noong ako ako napatingin sa bandang taas nakita ko ang aking apat na taong gulang na anak na babae na nakaluhod sa altar, nasa mukha ang kanyang mga kamay, tunay na nanalangin sa Diyos. Yaong mga saloobin ng pagkabigo at alinlangan ay natunaw at ako ay lubos na nagpapasalamat sa Diyos dahil sa Kanyang kahanga-hangang biyaya.

Isa sa mga paborito kong banal na kasulatan ay Filipos 1: - ". Ang pagiging may tiwala sa mismong bagay, na Siya na nagsimula ng mabuting gawa, ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesucristo (NKJV)" 6 Akala ko ang tinutukoy ni Pablo ay ang mga bagay na tayo ay "gumagawa" para sa Panginoon bilang ating "mabuting gawa." Kamakailan lamang bagaman, naisip ko na ang talatang iyon ay tumutukoy representasyon ng mga "mabubuting gawa" ng Diyos sa akin. Nagsimula iyon noong ako ay pinili niya maging kanilang ina.

Ito ay naging isang salamin na bigay sa akin ng Diyos upang makita ko ang aking sarili sa pag se self-evaluation. Ito ay humamon sa akin upang manalangin pa para sa aking mga anak. Ito ay hindi tungkol sa kung paanong ako ay "may konting pagkukulang" bilang ina, ngunit isang paalala kung Sino talaga ang may kontrol ng ating buhay. Ang ating hamon ay mabuhay ng

ayon sa Kawikaan 3: 5. "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling pagkaunawa (NKJV)." Dapat tayong manalig sa Salita ng Diyos! Pinili ng Diyos na simulan ang "mabuting gawa," ang batang iyon, At Siya ay hindi nagkakamali.

Gagabayan ko ang aking mga anak upang malaman nila na ang Diyos ang tumutulong sa akin upang makita nila kung gaano ka perpekto ang Diyos. Sa aking sandali ng kahinaan Siya ang aking kalakasan (Filipos 4:13). Sa oras na kulang ang aking kaalaman upang gumawa ng magandang mga desisyon, binibigyan Niya ako ng karunungan (Santiago 1: 5). Kapag ako napuno ng takot, sinisigurado niya sa akin na Siya ang tagapangalaga natin (Awit 91: 1-2). Kaya, hinihikayat ko kayo na magtiwala sa Panginoon, Pinili kayo ng Diyos, at kung ano ang kanyang nasimulan sa mas gagawin pa niya ito perpekto, poprotektahan, at sasamahan niya tao hanggang sa huli.

Tala: Si Jenny Follmer, ang kanyang asawa, at dalawang bata ang kamakailan lamang ay itinalaga bilang Intermediate Missionaries sa United Kingdom matapos naglilingkod doon bilang Associates sa Misyong sa halos sampung taon. Siya ay isang pangkalahatang lisensiyadong ministro sa UPCI at nagsisilbing district ladies pinuno.



Mula sa Mailbox

- Dear LPI, nag email ako na ang pahayagang ito ay walang katulad,. *Appreciate the Word. Incredible!!!! THANK YOU for all that goes into these!* - Annette T
- Salamat sa inyong mga gawa. Ang iyong mga post sa Facebook ay kapaki-pakinabang bilang at tunay na nakakahikayat sa mga Ladies sa Iglesia sa Surrey, BC! -Sis Billie
- Purihin ang Panginoon, Ako po si sis Monalisa T. Sarmiento mula sa Pampanga Pilipinas, asawa ako ng Pastor sa halos 28 na taon na, at isa din sa mga opisyal sa Ladies Auxiliary mula sa aming District dito sa Pilipinas, ako ay nagbabahagi din ng iyong artikulo sa aming ladies sa simbahan at ito ay talagang isang mahusay na pagpapala sa kanila, pagpalain kayo ng Diyos!
- *Great newsletter!* Ako ay magta translyet din nito sa Indonesian. Love and prayers, - Vani Marshall

View our videos on 

Watch Ladies Prayer International 1-minute Video clip.

Mula sa Editor

Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto,Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian,Italian ,Norwegian.Polish, Hindi,Georgian,Japanese, Swedish at Vietnamese. May pansamantala tayong Transleytor sa Japanese.

Ipanalangin po natin na magkaroon tayo ng permanenteng Serbian at Bulgarian na taga transleyt.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com. Kami ay masayang magpadala ng kopya para sa inyo!

[Visit Ladies Prayer International on Facebook and "like" our page!](#)

Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)

[UPCI Ladies Ministries](#)

[More to Life Bible Studies](#)

[Today's Christian Girl](#)

[World Network of Prayer](#)

[UPCI](#)

[My Hope Radio](#)

[Multicultural Ministries](#)

[Ladies Prayer International on Facebook](#)



Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa panalangin..

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)



Ministries we support... TUPELO CHILDREN'S MANSION

Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.



NEW BEGINNINGS Maternity care for birth mothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

HAVEN OF HOPE A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

LIGHTHOUSE RANCH for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



Do You Subscribe to Reflections Magazine?

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.

Subscribe online at LadiesMinistries.com